ISSN 2672-2879
Tomo 1 Blg. 1, Enero-Pebrero 2019

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

## Nabagong buhay sa pagiging VBAIT

NI MA. CECILIA IRANG

**"Malaking tulong sa akin ang pagiging *village-based artificial insemination technician (VBAIT).* Hindi ko ito ginawang *sideline* o libangan bagkus ay ginawa ko talaga itong hanapbuhay."**

Ganito ang paliwanag ni Luisito Espiritu, 40, ng barangay Magmarale, San Miguel, Bulacan, sa nakikitang puspusan niyang pagganap sa trabaho niya bilang isang VBAIT.

VBAIT ang tawag sa mga teknisiyan na nagsasagawa ng hindi likas na pagpapalahi o *artificial insemination (AI)* sa mga kalabaw gamit ang semilyang mula sa mga bulugang may superyor na lahi.

Si Luisito ay isang kabalikat na VBAIT ng PCC sa Central Luzon State University (PCC@CLSU) sa gawaing

**SUNDAN SA P.2**


Luisito Espiritu
VBAIT



## Gatas ng kalabaw kabilang na sa *National Feeding Program*

NINA CHARLENE JOANINO AT MA. THERESA SAWIT

**Siguradong pagkakakitaan ng mga magsasakang maggagatas ang hatid na biyaya ng pagkaka-apruba bilang batas ng RA 11037 na may pamagat na "Masustansiyang Pagkain Para sa Batang Pilipino Act".**

Inaasahang lalakas ang pangangailangan sa sariwang gatas na mula sa kalabaw, baka at kambing dahil sa inisyatiba sa ilalim ng *national feeding program.*

Layunin ng RA 11037 na maging *institutionalized* o palagian ang nasabing programa sa *daycare, kindergarten* at elementarya ng mga pampublikong paaralan upang matugunan ang problema sa kakulangan sa pagkain at sa nutrisyon.

"Ito ay isang magandang adhikain dahil hindi lamang malalabanan ang malnutrisyon kundi makapagbibigay pa ng tiyakang kita sa mga magsasakang maggagatas na siyang pagkukunan ng suplay ng ipaiinom na gatas sa mga bata," ani Mina Abella ng *PCC Carabao Enterprise Development Section.*

Bilang isang ahensiya ng Department of Agriculture, ang PCC ay nagsusulong ng paggagatasan sa kanayunan sa pamamagitan ng pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw. Sa pamamagitan nito ay matutugunan ang pangangailangang pang-nutrisyon ng mga maliliit na magsasaka at ng kanilang pamilya.

Layunin din ng ahensiya na maibsan ang paggamit o pag-inom ng mga inangkat na gatas mula sa ibang bansa.

Sa katunayan, simula noong 2016 ay

**SUNDAN SA P.3**

# Ilang mga negosyanteng maggagatas, VBAIT lumahok sa 'KalabaJuan'




NINA MA. CECILIA IRANG AT CHARLENE JOANINO

**Mapakikinabangan ng halos 120 magsasaka at *village-based artificial insemination technicians* na lumahok sa Kauna-unahang Talakayan sa KalabaJuan na ginanap noong Enero 12 sa Sta. Maria, Bulacan ang mga ibinahaging pinagbuting pamamaraan at gawain sa pag-aalaga ng kalabaw at mga kabuhayang nakasalig dito.**

Ayon kay Dr. Daniel Aquino, *center director* ng PCC sa Central Luzon State University (CLSU), ang *forum*, na may temang "Maunlad, masaya at malusog na pamayanan sa paggagatasan at pagkakalaba-Juan", ay naglalayong maghikayat ng mas marami pang magkakalabaw na sumali sa Carabao Development Program (CDP).

Ito, aniya, ay sisimulan sa pamamagitan ng pagtukoy ng mga problema at isyung may kaugnayan sa pagkakalabaw na personal na nararanasan at kinakaharap ng mga magsasaka.

"Sana makahanap tayo ng mga posibleng solusyon sa mga isyu at problemang ito at makapagbahagi ng mga maiinam na pamamaraan para makatulong sa mga negosyanteng maggagatas," ani Dr. Arnel Del Barrio, *executive director* ng PCC.

Ang *forum* ay nakatuon sa mga paksang may kinalaman sa pagpapalahi, lalo na ang pagpapataas sa 60% posibilidad na manganak ang kalabaw ng babaing bulo.

Mas ipinaliwanag ito ni Dr. Del Barrio sa pagsasabing ang pinakamainam na oras sa pagsasagawa ng pagpapalahi ay mula ika-lima hanggang ika-pito ng umaga, sa madaling salita, gawin ito bago mag-agahan ang magsasaka. Hinikayat din niya ang mga kalahok na subukan ang ganitong pamamaraan at nakahanda namang magbigay ng tulong-teknikal ang PCC.

"Sa pagsasagawa ng talakayang ito nagbigay inspirasyon sa'min ang *Buffalo Raisers Philippines facebook group* na nagsisilbing daluyan para makapagbahagian ng kaalaman at impormasyon ang mahigit 4,000 miyembro nito sa isa't-isa," ani Dr. Aquino.

Ilan sa mga magsasakang lumahok ay mula sa Nueva Ecija, Bulacan, Bataan, Pampanga, Rizal, at Zambales.

Ang CDP ay ang pangunahing programa ng PCC sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mga kliyente nito sa sektor ng pagkakalabawan sa pamamagitan ng tatlong sangay ng programa na kinabibilangan ng *Genetic Improvement, Enterprise Development*, at *Research for Development.*

## Nabagong buhay... MULA SA P.1

pagkakaloob ng AI sa mga kalabaw ng mga magsasaka. Siya ay dating nagbubukid na ngayo'y nakatutok na ang kalooban at sarili sa pagiging VBAIT.

Bunga ng kanyang pagsisigasig, ayon sa PCC@CLSU, nangunguna si Luisito sa listahan ng mga VBAIT na inaasistehan ng PCC na may pinakamaraming kalabaw na naseserbisyuhan ng AI.

Nakapagtala siya ng kabuuang 761 *AI services* sa gayong dami ng kalabaw noong 2017. Sa bilang na ito, 413 ang nagsipanganak o katumbas na 54.27% *AI efficiency rate.*

"Hindi mahalaga sa akin kung *top 1* ako sa *performance* o hindi. Wala kasi sa isip ko ang makipagkumpetensiya. Hanapbuhay ko ito at nagsisigasig lang. Ang sa akin lang, basta't hindi ko napapabayaan ang gawaing ito, masaya na ako," ani Luisito.

Ayon kay Luisito, hindi sadyang perpekto ang AI kung kaya't hindi lahat ng kalabaw na nabibigyan ng teknolohiyang ito ay nabubuntis.

Mayroong iba't ibang salig, aniya, na dapat isaalang-alang. Isa na rito, na mahalaga, ay ang paraan ng pag-aalaga ng may-ari sa kanyang kalabaw.

"Mahalaga ang *timing* o tamang araw sa pagpapabuntis kaya dapat obserbahang mabuti ng may-ari ang paglalandi ng kanilang kalabaw," pagpapaliwanag ni Luisito.

Sa kanyang paglalahad, kanyang sinabi na karaniwang apat na serbisyo ng AI sa kalabaw ang nagagawa niya sa isang araw.

Sa mga buwan ng Nobyembre hanggang Mayo, aniya, na siyang karaniwang panahon ng paglalandi ng kalabaw ay umaabot sa walo ang serbisyo niya ng AI sa isang araw.

Sa kasalukuyan, Php600 bawa't AI sa kalabaw ang singil niya sa kanilang lugar.

Kumikita siya ng karaniwang Php10,000 hanggang Php15,000 sa isang buwan. Sa mga buwang "malakas", nasa Php20,000 hanggang Php25,000 naman ang kinikita niya.

Dahil sa kanyang ganansiya sa kanyang gawain, naipaayos na ni Luisito ang kanilang bahay. Gayundin, ganap niyang nasusuportahan ang pag-aaral ng tatlo niyang anak at nakapagpundar na rin ng dalawang motorsiklo.

"Dati'y parang balung-balong lang ang bahay namin na marami pang butas ang bubong. Ngayon, naipaayos ko na ito't naging konkreto ang pagkakagawa," nakangiting sabi ni Luisito.

"Dati naka-bisikleta lang ako kapag

# Programang ukol sa gatasang kalabaw patuloy na pinaiigting sa Nueva Ecija

NI WILMA DEL ROSARIO

**Pangunahing layunin ng National Impact Zone for Dairy Buffalo Development Project ng Philippine Carabao Center (PCC) na makilala ang lalawigan ng Nueva Ecija bilang pangunahing probinsiya na umaani ng pinakamaraming gatas ng kalabaw at gumagawa ng iba't ibang mga produktong mula rito.**

Kaya naman, patuloy na dumarami ang mga gatasang kalabaw na mayroong mataas na lahi.

Inaasahang ito'y makatutulong bilang susog pang hanap-buhay ng mga magsasaka sa mga kanayunan ng probinsiya lalo't patuloy na sinisikap na makapagtatag pa ng karagdagang kooperatiba sa pagkakalabawan sa Nueva Ecija.

Nitong nakaraang Nobyembre, naidagdag na kooperatiba ang San Carlos Agricultural Cooperative sa bayan ng Aliaga na mayroong 26 na miyembro. Sila'y sumailalim sa mga pagsasanay na tulad ng "Social Preparation Training" at "Basic Buffalo Management Training".

Ang mga miyembro ay dati nang may alagang kalabaw at kumikita naman sa pamamagitan ng paggagatasan. Gayunpaman, sa kadahilanang gusto pa nilang mapataas ang kanilang kita ay humiling sila sa PCC ng 13 dagdag na mga gatasang kalabaw na pinagbigyan naman ng ahensiya.

Bukod sa San Carlos Agricultural Cooperative, maraming iba pang mga magsasaka na kasapi ng iba't-ibang dati ng kabalikat na mga kooperatiba ang napagkalooban ng gatasang kalabaw nito ring nakaraang taon. Umabot sa 90 mga babaing kalabaw at 13 bulugan ang mga naipahiram ng NIZ sa Nueva Ecija.

Ayon sa pamantayan ng pamahalaan, ang isang kalabaw ay katumbas ng isang hanapbuhay na maaaring mapagkuhanan ng 5 hanggang 8 litro ng gatas na maaaring makapagbigay ng dagdag na kita sa mga magsasaka.

Sa kasalukuyan, ang programang gatasang kalabaw ay laganap sa 16 na bayan at apat na siyudad ng Nueva Ecija. Nakatatag sa mga lugar na ito ang 50 kooperatiba na mayroong 1,050 mga kasapi.

**Nang nakaraang taon ay nakapagtala ang NIZ ng 1,149,706.41 litro ng inaning gatas. Ang kabuuang halaga nito ay Php 60,518,146.96 na di maikakailang naidagdag sa kita ng mga magsasaka sa Nueva Ecija.**

# Gatas ng...

MULA SA P.1

nakapagsagawa na ng 10 *milk supplementation program* ang PCC. Mahigit sa 13,000 mga bata ang naging benepisyaryo na ng programang ito. Tig-200ml na gatas ng kalabaw na mula sa mga magsasakang maggagatas na inaasistehan ng PCC ang ipinainom sa mga bata araw-araw sa loob ng itinakdang panahon ng programa.

Ang mga ahensiyang nangunguna sa pagsulong ng batas ay ang PCC, Department of Social Welfare and Development, Department of Education, Department of Health, Department of Science and Technology-Food and Nutrition Research Institute at National Dairy Authority.

Noong nakaraang taon ay nilagdaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang panukalang-batas na naging RA 11037.

Sa pagkakapasa ng batas, nagkaroon na ng ilang pagpupulong ang mga tagapagtaguyod upang balangkasin ang mga hakbangin tungo sa maayos na pagpapatupad ng mga programang nakapailalim sa batas na ito.

nagpupunta sa dapat na maserbisyuhan. Kaya noon, hindi maiwasang sumakit ang mga binti ko sa kakapidal at madalas pang mangalay lalo na kung malayo ang napupuntahan ko. Ngayon, hindi na at baka balang araw, nakakotse na rin ako," pabiro niyang sabi na hindi naman mahirap mangyari lalo na't masigasig siya sa kanyang gawain.

Maliban sa mga materyal na bagay na naipundar niya, mayroon pa siyang napakahalagang bagay na nakamit sa tulong ng hanapbuhay niyang ito na para sa kanya ay hindi mananakaw ninuman---ang pagtatapos niya ng kurso sa kolehiyo.

Si Luisito ay kumukuha noon ng kursong *Bachelor of Science in Economics.* Nguni't nahinto siya sa pag-aaral nang siya ay papasok na sa ika-*3rd year* ng kanyang kurso.

Dahil sa kakulangang pinansiyal, nagparaya siyang paunahin na muna na makapag-aral ang mga kapatid. Gayunman, hindi siya nawalan ng pag-asa na makakatapos din siya ng kolehiyo. Kaya, nang magkaroon siya ng pagkakataon ay itinuloy niya ang kanyang pag-aaral. Lumipat siya sa kursong *Animal Science* at matagumpay naman niya itong natapos.

"Habang itinutuloy ko ang aking pagbibigay serbisyo ng *AI* sa kalabaw, nag-aaral naman ako. Kadalasan nga nahuhuli ako sa pagpasok sa paaralan pero kinaya ko ring makahabol. Buti na lang at maunawain din ang mga naging guro ko noon," pagkukukwento niya.

Dahil sa kanyang natapos na kurso ay nai-a-*apply* din niya ang mga natutunan sa paaralan sa kanyang gawain. Mas napapayaman pa nga niya ang kanyang kaalaman sa larangan ng paghahayupan.

Plano ni Lusito na sa hinaharap ay magkaroon siya ng limang mga gatasang kalabaw.

"Hindi naman siguro habang panahon ay makakaya kong mag-motor at magbigay ng serbisyo ng AI sa mga kalabaw ng maraming magsasaka. Gusto ko rin maranasan ang pakiramdam na sariling kalabaw ko naman ang sineserbisyuhan ng AI," wika niya.

Kanya pang idinagdag:

"Laging nasa isip ko 'yong sinasabi sa 'kin ng mga kliyente ko na bumuti ang buhay nila dahil sa pagkakalabawan. Sabi pa nila, huwag na huwag daw tutulusan ang buhay ng isang tao hangga't humihinga pa".

Positibo ang pananaw ni Luisito.

"Kung noon ay nagawa kong makapagtapos ng pag-aaral, magagawa ko ring maabot ang iba ko pang mga pangarap," sabi ni Luisito.

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 ISO 14001 OHSAS 18001

## Ano ang sakit na *Degnala*?

Ni Clarissa Odsigue

Ang Degnala ay isang uri ng *mycotoxicosis,* na madalas nakikita matapos ang panahon ng tag-ulan. Ang *mycotoxicosis* ay ang tawag sa mga sakit na dulot ng *mycotoxins* o lason galing sa *fungi* o amag. Ang Degnala ay unang naitala sa Deg Nala *river* sa Pakistan noong 1930's, at kung saan din hinango ang pangalan ng sakit.

## Ano ang nangyayari sa hayop kapag ito ay nakakakain ng amag?

Ang amag na nakakain mula sa hindi maayos na natuyo at naiimbak na dayami ay naglalabas ng mga *mycotoxins* sa *intestines* o bituka. Ito ay kumakalat sa atay, at iba't ibang bahagi ng katawan ng hayop, nguni't kadalasan ay sa mga dulong parte katulad ng buntot, mga paa, at tenga. Nagkakaroon ng *vasoconstriction* o pagsikip sa daluyan ng dugo kung kaya't nagkakaroon ng pamamaga sa mga nasabing parte, pagsusugat, at kinalaunan ay nauuwi sa pagkabulok (o *necrosis*).

## Ano ang mga maaaring gawin upang maiwasan ito?

Kung mayroong makitang mga sintomas kagaya ng nabanggit, gawin ang mga sumusunod:

- I-*report* ang kundisyon na ito sa mga beterinaryo o *field technicians* upang makumpirma ang sakit (dahil maaari itong mapagkamalan sa iba pang sakit kagaya ng *Foot and Mouth Disease* o *FMD*).
- Huwag magbigay ng mga dayami o pagkain na may amag. Kaugnay nito, tuyuin nang maigi ang dayami bago iimbak.
- I-*disinfect* ang mga sugat, gamit ang *povidone iodine solution.*

## Ano ang ilan sa mga sintomas sa kalabaw na may *Degnala*?

- LAGNAT
- PANANAMLAY SA PAGKAIN
- PANGHIHINA NG KATAWAN HANGGANG SA HINDI MAKABANGON
- PAMAMANAS NG MGA BINTI AT BUNTOT
- PAGSUSUGAT SA MGA BINTI, GILID NG KUKO, TENGA, AT BUNTOT
- PAGKAKATANGGAL NG MGA KUKO *(SLOUGHING OFF THE HOOVES)*
- PAGKAPILAY


## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Philippine Carabao Center na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang-maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.

Ang salitang **"impact zone"**, samantala, ay isang lugar o magkakalapit na mga lugar kung saan lahat ng kailangang sangkap para sa tuluy-tuloy na pag-unlad ng kabuhayang salig sa kalabaw ay pinagsasama-sama sa layuning makalikha ng makahulugang pagbabago sa kanayunan at kalaunan ay sa kabuuang lipunan. Ang probinsya ng Nueva Ecija ang naitalaga na National Impact Zone habang ang piling mga bayan naman na nasasakupan ng PCC regional centers ang tinaguriang Regional Impact Zones.



## PATNUGUTAN

**Patnugot:** Eric P. Palacpac
**Tagapamahalang Patnugot:** Rowena G. Bumanlag
**Tagapamahala sa Isyung Ito:** Ma. Cecilia C. Irang
**Manunulat:** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino
**Nag-ambag ng Artikulo:** Ma. Theresa R. Sawit, Wilma T. Del Rosario, Clarissa A. Odsigue
**Layout:** Chrissalyn L. Marcelo
**Tagapamahala sa Sirkulasyon:** Charlene P. Corpuz
**Tagapayo:** Wilma T. Del Rosario
**Kasangguni:** Anselmo S. Roque
**Pinunong Tagapagpaganap:** Arnel N. Del Barrio